AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## BATA MAY TANONG KA BA SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL

### Lesson 5

| Pambungad |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa* ***"Maaaring Gawin kapag Nahawa o Nakahawa ng COVID-19".*** *Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

**Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? For Grade 1 to Highschool - Lesson 5**

Source: Department of Health

**I.PAGBATI**
Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher _____ 👩🏻🏫. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. ❓🧬

**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**
Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa mensahe ni Erika ng Cavite.

📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, anong mangyayari kung magkaka-COVID-19 ako? Paano rin po kung makahawa ako?

**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**
Magandang Araw, Erika!

Salamat sa iyong tanong. 🤗

--

Ngayon, papaano kung nagpositibo ka sa COVID-19? 🤔

Makipag-ugnayan sa lokal na pamahalaan at pumunta sa ospital para sa agarang atensyong medikal. 👨‍⚕️👩‍⚕️🏥

(Huwag matakot at kaawaan ang sarili kung mayroong COVID-19. Huwag ding mawalan ng pag-asa dahil nandyan ang mga doktor at nars para tulungan ka sa iyong pag galing. Sa halip, isipin na pinapatnubayan ka ng Diyos araw-araw, at kailangan mong gumaling para sa iyong pamilya at para sa kinabukasang naghihintay sa iyo. Marami na tayong pinagdaanan, huwag nating hayaan na ang COVID-19 ang magpatalo sa atin sa buhay. Laban lang! 👊)

Sa tanong naman na paano kapag nakahawa ka ng ibang tao? 🤔

Erika at mga bata, huwag kagalitan ang sarili. Huwag itong damdamin.

(Alam kong hindi mo ninanais makahawa ng iba. Ang mabuti pa, ipagdasal natin ang kanyang agarang pag galing. 🙏)

**IV.✊ HAMON**

Kaya bilang pag-iingat, ugaliin natin ang regular na paghuhugas ng kamay sa loob ng 20 segundo. 🕛🧼🤲

Panatilihin din natin ang isang metro o tatlong dipang layo mula sa iba. 👩 👧

Kung babahing, uubo, o sisinga naman tayo ay takpan natin ang ating bibig o ilong gamit ang panyo, tisyu, medical mask o loob ng siko. 😷💪

Pigilan din nating kusutin ang ating mga mata o hawakan ang bibig at ilong lalo na't hindi pa nahuhugasan ang mga kamay. ❌🤜🏻👁 ❌👃 ❌🖐👄

At higit sa lahat, manatili muna tayo sa loob ng ating bahay. 🏠 (Panandalian lang ito. Mabuti nang mag-ingat tayo upang masimulan ang pagbangon ng bansang Pilipinas 🇵🇭.)

**V.💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Ano ang dapat gawin kapag nagpositibo sa COVID-19?
🔎 Tama o Mali. Kagalitan ang sarili at damdamin kapag naging positibo sa COVID-19.
🔎 Tama o Mali. Panatilihin ang tatlong dipa o isang metrong layo sa ibang tao.
🔎 Ang ang mga maaaring itakip sa ilong o bibig kapag uubo?

🔎 Tama o Mali. Kusutin ang mata.

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏫

Magkita-kita tayo ulit tayo bukas para sa "Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?" 👧🧒❓

Maraming Salamat sa pakiki-isa! 🤗

-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."